

1

Chocolate cookies at brownies ang paboritong merienda ni PJ, pamangkin ni Chona, at ang mga iyon ang kanyang inihahain sa darating na mga bisita. Sa unang pagkakataon ay makakaharap ng bata ang mga magulang ng ama nito.

Malaking tanong din kay Chona kung paano nalaman ng mga Felizardo ang tungkol sa existence ni PJ samantalang ipinagbubuntis pa lamang ang bata ay ipinadama na ng mga ito na hindi sila interesadong makilala o makita ang anak ni Fiona—ang kanyang kakambal na kamamatay lang nang nakaraang taon.

“Manang Chona,” tawag ng katulong mula sa sala, “dumating na po ang mga bisita!”

Kaagad siyang nagpunas ng mga kamay at saka hinubad ang suot na apron. “Papasukin mo sila, Linglingay,” tugon niya. “Sabihin mong lalabas na ako!”

Hindi niya alam kung dapat siyang kabahan. Dapat sana ay isinunod na niya sa kanyang pangalan ang pamangkin; ipinabago sana niya ang pangalan nitong ‘Paul Jose D. Felizardo, Jr.’

Mas may karapatan na ako kay PJ kaysa kanila dahil sa akin lumaki ang bata, pangangatuwiran niya sa isip. At kung may balak silang kunin siya’y dadaan muna sila sa butas ng karayom!

Pormal na sinalubong ni Chona ang matatandang Felizardo. Nagulat siya nang makitang may kasama pa ang mga ito.

“Kumusta na, Hija?” bati ni Isaias Felizardo at saka nito iniabot ang kamay sa kanya.

Nakipagkamay siya rito. Habang nakangiti sa kanya ang mag-asawa ay may katanungan sa kanyang isipan. *Sino kaya ang napakatangkad na lalaking kasama ng mga ito?*

Parang pamilyar ito sa kanya pero hindi niya matandaan kung saan niya ito unang nakita. Malaki ang pagkakahawig nito sa bayaw niyang si Alex.

Bigla ang dating ng realisasyon sa kanya.

Ito si Paul Jose Felizardo! Dito mismo isinunod ang pangalan ng kanyang pamangkin.

Kakaiba ang kaguwapuhan ng lalaki na nang sandaling iyon ay malalim ang pagkakatitig sa kanya. Very striking ang personality nito. Para tuloy na-imagine niyang kunin itong modelo para sa kanyang ‘male torso collection’ na balak niyang i-exhibit sa susunod na anatomy festival ng *Artists’ Circle* na kanyang kinabibilangan.

“Siyanga pala,” putol ng matandang Felizardo sa kanyang pag-iisip, “marahil ay natatandaan mo pa ang aming panganay na anak na si Paul? At saka, ano nga pala ang nais mong itawag

namin sa iyo? ‘Fiona’ o ‘Miss Dizon?’ Hindi mo naman siguro ginagamit ang ‘Mrs. Felizardo?’”

Akala nila ay siya si Fiona!

Hindi iwinasto ni Chona ang pagkakamaling iyon. Makikipagkamay sana siya kay Paul ngunit sa nakita niyang malamig na tingin nito sa kanya ay minabuti na lang niyang itupi ang mga kamay sa likuran.

Kung si Alex, nang nabubuhay pa ay ma-charisma, ang kapatid nito ay mukhang antipatiko. Pero hindi iyon nakabawas sa pang-akit nito, lalo at tiyak sa mga babae. *Sa konting panahon na nakilala ko si Alex, aniya sa isip, malamang na ang pagkakapareho lang nilang magkapatid ay ang kulay ng kanilang mga mata!*

At ang puyo sa noo.

Kasabay ng pagdudulot ng merienda sa mga bisita ay narinig niya ang busina ng school service ng kanyang pamangkin. “Nariyan na ho si PJ,” anunsyo niya.

Kung una ay larawan ng pagkabagot si Paul ay biglang nagkaroon ng reaksyon ang mukha nito nang marinig ang pangalang ‘PJ.’ Palayaw iyon ng binata nang bata pa ito.

Nakaguhit sa mukha ng matatandang Felizardo ang pananabik. May dahilan silang magkaganoon dahil noon lang nila makikita ang kaisa-isa at kauna-unahang apo.

Masayang pumasok ang bata sa sala. “Mommy, I’m home!”

Larawan ito ng kalusugan. Apple-cut ang buhok nito, mapupula ang labi at pisngi at matangkad para sa gulang na lima. Para itong si *Dennis The Menace* sa suot na pulang kamiseta na may stripes na puti at *Osh Kosh B'gosh* na jumper na tinernuhan pa ng pulang *Buster Brown* na rubber shoes. Kulang na lang dito ay ang asong balahibuhin at ang pulang de-hatak na kariton.

“Ooops!” anang bata nang makitang may bisita pala sila.

“May puyo din siya sa noo, Isaias!” naiiyak na sabi ni Mrs. Felizardo. “Apo nga natin siya!”

Noon kasi, akala nila ay ginawa lang timbulan ni Fiona ang kanilang anak na si Alex at isang Hapon ang tunay na ama ng dinadala nito.

“Who are they, Mommy?” tanong ni PJ na dumikit sa hita ni Chona.

“They are your grandparents,” masuyo niyang tugon na binigyan ng marahang udyok ang bata para lumapit sa lolo at lola nito. “Go ahead, give them a nice welcome.”

Ang ideya ni PJ tungkol sa grandparents ay masayahing matatanda na bibigyan siya ng goodies. Patakbong lumapit ang bata sa matatandang Felizardo at sabay na niyakap ang mga ito sa leeg. “Bakit ngayon lang kayo dumating dito?” pagkatapos ay tanong nito. “Akala ko nga, wala akong grandfather at grandmother, eh.”

Lalong naluha sa tuwa ang mag-asawa habang nakamasid lang sina Chona at Paul. Wala silang nagawa kundi ang mag-usap.

“Gusto nina Mama na isama si PJ sa Manila sa darating na bakasyon,” anang binata na siya palang tumatayong spokesperson para sa mga magulang nito.

Medyo nainis si Chona dahil wala man lamang himig ng pakiusap sa pananalita nito. Para bang sila ang mas may karapatan na mag-aruga kay PJ!

“Mga isang linggo’t kalahati pa ang kanyang pasok sa school,” tugon niya na umupo sa pang-isahang sofa na katapat ng inuupuan ng kausap.

“Kung gayon ay hihintayin na lang ng mga papa ko na dumating ang bakasyon ng bata,” pakli nito. “Makabubuti sigurong dumito na muna sila sa Baguio para pag-uwi nila’y kasama na nila si PJ.”

Napakapormal ng dating nito. Napakaseryoso. Ni hindi man lamang mangiti. Ngunit sa kabila niyon ay intact pa rin ang kagandahang lalaki nito dahil sa malalim nitong tinig. Ang bibig nito ay may natural na kurbandang pataas sa mga gilid kaya para na rin itong nakangiti.

“Okay,” medyo mataray niyang tugon. “Puwede n’yo siyang sunduin pagkatapos ng school year pero... bago magpasukan ay kailangan n’yo siyang ibalik dahil may exams siyang kukunin para malaman kung pasado siya sa first grade.” Idinugtong pa niya,

“Siguraduhin n’yong babalik siya!”

“Sa tono mo yata’y diskumpyado ka sa amin?” tugon ni Paul. “Kaming mga Felizardo ang kinikidnap at hindi kami ang nangkikidnap.”

Nagkatitigan silang dalawa. Hindi sila naririnig ng mag-asawang Felizardo at ni PJ dahil busy ang mga ito sa paghalungkat ng isang balikbayan box na pasalubong ng matatanda sa apo.

Parang ayaw nang kausapin ng dalaga ang kaharap. *Bakit kasi kapangalan pa niya ang pamangkin ko!* inis niyang sabi sa isip. *Pero ano kaya ang nagawa ni Fiona para magalit ang lalaking ito sa akin na akala’y ako ang Japayuki?*

Mabuti na lang at ipinamulat ko kay PJ na ‘Mommy’ ang itawag sa akin, pagkuwa’y pasasalamat niya. Hindi rin alam ng bata na ‘Fiona’ ang tunay na pangalan ng ina nito. Maging nang turuan niya itong sabihin ang pangalan ng kanyang kakambal ay hindi nito iyon mabigkas.

Mayamaya ay may sinabi ang bata habang kinukutingting ang laruang *Tonka*. “Mommy,” anito, “ang amoy ni Lolo, parang FVR!”

“Bakit naman?” napapangiti niyang tanong.

“Kasi nagtatabako rin siya!” tugon ng bata na sigurado sa sagot nito.

Nagtawanan ang matatanda. Noon naman napansin ni PJ

ang tiyo nito.

“Good afternoon, Sir,” bati ng bata. “My name is Paul Jose D. Felizardo, Jr. What’s your name?”

“My name is Paul Jose Felizardo, too,” maamong sagot ng binata sa malalim nitong tinig.

“Pero may ‘Junior’ ’yung sa akin. Sa ’yo, wala!”

Muling nagtawanan ang lahat.

Nang makaalis ang mga Felizardo ay kaagad na pinag-isipang mabuti ni Chona ang sitwasyong pinasok.

Wala siyang masyadong nakikitang komplikasyon kung gagamitin niyang mabuti ang utak. Mabuti na nga ang gayon—na paniwalaan ng mga Felizardo na siya ang ina ni PJ. Makakabuti rin na makilala ni PJ ang relatives nito para magkaroon ng normalidad ang buhay nito dahil karaniwan ng mga batang nasa edad nito ay naghahanap ng kamag-anak.

Bigla niyang naalala ang kakambal. *Kawawang Fiona*, naisip niya. *Sasandali lang niyang nakapiling ang kanyang anak. Kung alam lang niya na napakagandang bata ni PJ at napakatalino pa, mas gugustuhin sana niyang mabuhay.*

Hindi niya naiwasang lumuha. Naaawa kasi siya sa namatay na kakambal na hindi man lamang naranasang kilalanin bilang

manugang ng mga magulang ni Alex. Kung buhay man ito, tiyak na iisipin nitong napipilitan lang ang mga Felizardo na pakisamahan ito dahil kay PJ.

Wala silang karapatang kunin sa akin ang bata. Lalabanan ko sila hanggang sa pinakamataas na korte; kahit pa ikamatay ko! pangako niya sa sarili.

Ngunit sa tingin niya ay walang magiging problema pagdating sa mga magulang ni Alex. Mukhang sa kapatid nito ay mayroon.

May galit na hindi niya mawari si Paul sa kanya bilang si Fiona. Iyon kaya ay dahil sa pagkamatay ng kapatid nito sa kamay ng Hapon na dating boyfriend ng kanyang kakambal?

Muli niyang inukilkil sa isipan kung kailan niya nakita si Paul—at kung saan.

Nakatulugan ni Chona ang pag-iisip pero hindi pa rin niya maalala. Ang tanging natatandaan niya ay kasama niya noon ang pamangkin at naggagala sila sa isang mahalagang landmark sa Lungsod ng Baguio.

Umuwi ng Maynila si Paul nang gabi ring iyon. Mag-isa itong nagmaneho pababa ng Marcos Highway. Sa kanyang pag-iisa sa sasakyan ay nagkaroon siya ng panahong isipin ang tungkol sa babae na ina ng kanyang pamangkin.

Napapatiim-bagang siya dahil hindi siya makapaniwala na dati itong Japayuki.

Nagbalik ang kanyang isipan sa isang tagpo sa *Baguio Convention Center* na pinasyalan nila ng isang kaibigan noon....

“May exhibit doon ngayon ng mga landscapes,” ani Tony. “Tiyak na magugustuhan mo ang mga ’yon.”

“Tony, alam mo namang ‘nude’ ang kinokolekta ko,” tugon ni Paul.

“Nude na buhay,” dugtong nito na tinapik ang balikat ng kaibigan.

Nagkatawanan ang dalawa.

Naghihintay noon si Paul sa may lobby nang papalapit sa kanya si Tony nang hindi lumilinga sa kanan nito. Nabangga nito ang isang bata na noon naman ay nilapitan ng kasama nitong babae. At iyon nga si Chona.

Halos sabay na lumapit ang dalawa sa tagpo ng banggaan— si Chona sa pamangkin nito at si Paul sa kanyang kaibigan.

Hindi na napansin ni Chona ang kasama ng nakabanggang lalaki sa pamangkin nito dahil concerned ito na baka nasaktan ang bata.

Kaagad nitong hinaltak si PJ. “You keep close to Mommy,

okay?” anitong nag-aalala.

Si Paul naman ay tinitigan ang papalayong mag-ina dahil tila pamilyar ang mukha ng babae sa kanya.

“O, ano ang tinitingin-tingin mo d’yan?” tanong ni Tony na hinaltak na rin papalayo si Paul. “Don’t tell me you’re going after that woman. In case you didn’t notice, she was with her kid. May sabit na ’yon.”

Hindi niya pinansin ang pagbibiro ng kaibigan. “Kilala mo ba siya?” sa halip ay tanong niya.

“Hindi.”

“Tayo na’t magtanong sa kung kanino d’yan,” yaya niya na nagtungo sa information desk.

“Kilala ba n’yo ang babaeng iyon?” turo ni Paul kay Chona na noon ay karga ang bata at ipinakikita rito ang isang painting.

“Ah, iyon si Chona Dizon,” sagot ng information clerk.

“Baka hindi ‘Chona’ ang pangalan niya,” reaksyon niya. “‘Fiona’—hindi ba iyon ang tunay niyang pangalan?”

Matamang nag-isip ang information clerk. “Mukha ngang ‘Fiona’ ang pangalan niya,” anito. “May kklase kasi ang kapatid ko noon sa *St. Louis University* na ‘Fiona’ ang pangalan at minsan na niyang dinala sa bahay namin.... Si Fiona Dizon nga iyon!”

Mas kilala si Fiona sa Baguio kaysa kay Chona dahil ang

huli ay hindi mahilig lumabas ng bahay.

Muling tinitigan ni Paul si Chona, pagkuwa'y ang batang karga nito. Larawan sila ng *Madonna and Child*.

Sa sandaling iyon, nagtalo ang damdamin ni Paul. *Hindi ba't ang babaeng ito ang naging dahilan ng kasawian ng kapatid ko? Ngunit bakit ibang-iba ang aura ng pagkatao nito ngayon? Mukhang napakasimple nito. Parang napakalambing.*

Masuyo nitong kinakausap ang batang nasiguro niyang anak ng kanyang kapatid na si Alex.

Kailangang malaman nina Papa at Mama na mayroon na silang apo, kaagad niyang pasya. Ngunit nang muli niyang tingnan ang kinatatayuan ng babae at ng bata ay wala na ang mga ito.

Noon nagsimulang magtanung-tanong si Paul at hindi siya nabigo. Nasa may bandang Irisan ang bahay ni Chona. Hindi rin naman nag-aksaya ng panahon ang kanyang mga magulang. Kaagad na nagtungo ang mga ito sa Baguio.

However, at that point, ang malaking bahagi ng interest ni Paul ay wala na sa pamangkin niya kundi nasa Mommy Chona nito.